Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA REGION**
**P**rovincial **E**nvironment and **N**atural **R**esources **O**ffice

Ika-27 ng Pebrero 2023

**BB. DEBIE JANE C. LAROZA**
*debie.laroza06@gmail.com*

**Bb. Laroza:**

Makakalikasang araw pong muli!

Ito po ay patungkol sa inyong liham na may petsang ika-22 ng Pebrero 2023 na nagpa*follow-up* sa naging sagot ng LGU ng Bongabong sa hiling na mabigyan ng *Zoning Certificate* ang Lote Bilang 2259-A, Cds-4B-000412-D na matatagpuan sa Kaligtasan, Bongabong.

Ang tanggapan po ng CENRO Roxas, gayundin ang PENR Office, ay nagsumite na ng *request* para sa nasabing *zoning certificate*, alinsunod sa isinasaad sa *Section 4* ng *DENR Administrative Order (DAO) No. 2010-12, "All CENROs shall secure a copy of approved zoning ordinances of cities and municipalities within their jurisdiction for identification of zoned residential areas. They shall also secure area* ***certifications from the LGU planning officers that areas identified and zoned as residential lands are not needed for public use or public service.*** *The LGU zoning at the time of filing of the application shall be considered for purposes of complying with the zoning requirement."*

Sa kasalukuyan, wala pa pong natatanggap na anumang kasagutan ang aming tanggapan mula sa LGU ng Bongabong.

Tungkol naman po sa nabanggit sa inyo na idaan *sa Alternative Dispute Resolution o ADR* ang inyong usapin sa pagitan ng LGU, ang ADR po ay isang alternatibong pamamaraan upang maiayos ang anumang problema o usapin sa lupa. Kung magkakaroon po ng pagkakataon na mai*settle* ang usapin sa pagitan ninyo at ng LGU, mas magiging maayos po ang takbo ng ating proseso.

Kung kaya, kayo po ay pinapayuhan na personal na lumapit sa tanggapan ng lokal na pamahalaan ng Bongabong upang i-*follow-up* ang naturang *request* gayundin upang magkaroon ng kalinawan ang inyong mga katanungan na sila lamang ang tanging makapagbibigay ng kasagutan.

Hangad po namin ang mabilis na pagresolba sa suliraning ito at maipagpatuloy na ang pagpoproseso ng aplikasyon.

Sumasainyo,

**ALAN E. VALLE**
OIC-PENR Officer

*Binigyan ng sipi*

***DENR-CENRO Roxas***
*San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro*

***DENR MIMAROPA Region, Ermita Manila***
***LGU Bongabong***

*Tracking No.:* ***2302000604***

TSD/RPS